THE GOSPEL EXPLAINED

# Pagkakasalungat ng mga Hinahangad

WEEK 11

## WARM-UP

- Ano ang unang panuntunan na natutunan mo noong bata ka?
- Magkuwento tungkol sa isang bagay na ginawa mo para sa isang taong mahal mo, kahit na hindi ito kailangang gawin? Ano ang nangyari?
- Sa aling sitwasyon ka mas magiging mabunga: sa paggawa ng mga bagay na kailangan mong gawin o sa paggawa ng bagay na gustong-gusto mong gawin (halimbawa: mga libangan o kinahihiligan)

## WORD

*4 Ganyan din ang nangyari sa inyo, mga kapatid. Malaya na kayo sa Kautusan sa pamamagitan ng pagkamatay ni Cristo. Muli siyang nabuhay at kayo'y pinag-isa sa kanya para maging kapaki-pakinabang sa paglilingkod sa Diyos. . . . 6 Pero ngayon ay malaya na tayo sa Kautusan, dahil namatay na tayo sa Kautusang ito na dating umalipin sa atin. Ang ating paglilingkod ngayon sa Diyos ay hindi na ayon sa dating buhay na dulot ng Kautusan kundi sa bagong buhay na dulot ng Banal na Espiritu.*

**MGA TAGA-ROMA 7:4,6**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 7:1–20.**)

Ayon sa Mga Taga-Roma 6, sinabi ni Pablo na ang mga tao ay alipin sa kasalanan. Nangangahulugan ito na wala tayong magagawa kundi ang bumigay sa mga pagnanasa ng ating likas na pagiging makasalanan. Sa Mga Taga-Roma 7, isinalarawan ni Pablo ang pagtatalo na nararanasan ng bawat tao sa pagitan ng paghahangad na gawin ang mabuti at pagnanasa din na gawin ang masama. Paano tayo magiging malaya? Sinabi ni Pablo na tayo ay hindi na napapasailalim sa kautusan kundi sa biyaya ng Diyos. Subalit magagawa pa rin ba nating paglingkuran ang Diyos kahit na hindi tayo mamumuhay nang naaayon sa kautusan? Ginamit ni Pablo ang larawan ng kasal, kamatayan, at muling pagpapakasal upang

ipaliwanag kung paano tayo binibigyan ng kakayahan ng biyaya ng Diyos upang mamunga at makaiwas sa kasalanan nang hindi sa pamamagitan ng kautusan.

## 1 Sa pamamagitan ni Cristo, namatay tayo sa kautusan.

*Ganyan din ang nangyari sa inyo, mga kapatid. Malaya na kayo sa Kautusan sa pamamagitan ng pagkamatay ni Cristo . . .*

**MGA TAGA-ROMA 7:4**

Ang kasulatan ng Diyos ay banal at mabuti (Mga Taga-Roma 7:12). Ipinapakita nito sa atin ang pagkakaroon ng tamang ugnayan sa Diyos at sa tao. Subalit ipinapakita rin ng kautusan ang ating makasalanang pagkatao (Mga Taga-Roma 7:5,8). Kailagan nating mamatay sa kautusan upang ang kasalanan ay mawalan ng kapangyarihan sa ating buhay. Ginamit ni Pablo ang larawan ng kasal: ang kautusan tungkol sa pag-aasawa ay hindi na kailangang sundin kapag namatay na ang isa sa mag-asawa. Ang naiwan ay maaari na ulit magpakasal sa iba nang walang pagkakasala. Paano tayo mamamatay sa kautusan at sa kasalanan? Sa pamamagitan ng pananampalataya sa ginawang pag-ako ni Jesus sa kamatayang para sana sa atin. Paano tayo binabago ng kamatayan ni Jesus ayon sa Mga Taga-Galacia 2:20?

## 2 Tayo ngayon ay nakay Cristo na.

*Muli siyang nabuhay at kayo'y pinag-isa sa kanya . . .*

**MGA TAGA-ROMA 7:4**

Ang kamatayan sa kautusan ay hindi nangangahulugan na maaari na nating gawin ang anumang naisin natin. Tayo ngayon ay nakay Cristo na. Sa relasyon ng mag-asawa, ang mga ginagawa ng isa ay ginagabayan ng kanyang pagmamahal at binitiwang pangako sa kanyang kabiyak. Tulad nito, tayo bilang mga mananampalataya ay hindi mamumuhay nang walang pananagutan o sinusunod na panuntunan sa sandaling malaman natin na tayo ay nakay Cristo na. Hindi na tayo nauudyok ng mga dapat gawin o hindi dapat gawin ayon sa kautusan kundi ayon sa ating pananalig at pagmamahal kay

Cristo, na siyang nagmahal at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin. Iniwasan mo na bang gawin ang isang bagay hindi dahil ito ay labag sa batas kundi dahil masasaktan mo ang damdamin ng mga mahal mo sa buhay? Paano natin ito maisasagawa sa pamumuhay natin ayon sa kagustuhan ni Cristo?

## 3 Kay Cristo, magagawa nating mamunga para sa Diyos.

*. . . para maging kapaki-pakinabang sa paglilingkod sa Diyos.*

**MGA TAGA-ROMA 7:4**

Sa buhay may asawa, makikita natin ang pagiging mabunga sa pamamagitan ng mga anak, pagkakaroon ng mabuting pag-uugali, at pagtanda nang may karunungan. Magagawa din nating mamunga para sa Diyos ngayong tayo'y nakay Cristo na at wala sa kautusan. Ang ilan sa maaari nating maging bunga ay ang pagkakaroon ng makadiyos na pag-uugali, pagpapabanal, at mga espirituwal na anak. Ano ang bunga ng Espiritu ayon sa Mga Taga-Galacia 5:22? Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Efeso 5:25-27 tungkol sa pagpapabanal? Nakita mo na ba ang espirituwal na bunga sa iyong buhay matapos mo itong isuko kay Cristo?

## APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang pagkakaroon ng kalayaan mula sa kasalanan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo? Nais mo ba itong maranasan ngayon? Hayaang ipanalangin ka ng iyong mga kasama upang matanggap mo ang kalayaan na ibinibigay ni Jesus.
- May isang bagay ba na nais mong gawin dahil sa pagmamahal ng Diyos sa iyo at sa pagmamahal mo sa Kanya? Ano ang hakbang na magagawa mo ngayong linggo tungkol dito?

- Mayroon bang taong inilalagay ang Diyos sa puso mo upang ipanalangin? Ano ang maaari mong gawin sa mga susunod na araw upang makipag-ugnayan sa kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapalaya sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan at sa pagbibigay sa atin ng bagong adhikain sa pamumuhay. Ipanalangin na lagi nating maaalala na tayo ay kabilang na kay Cristo.
- Hilingin sa Diyos na ipaalala sa iyo na ang kasalanan ay hindi napagtatagumpayan nang pagsunod sa kautusan kundi ng Kanyang pagmamahal at biyaya. Ipanalangin na lagi mong maaalala ang pagmamahal at biyaya Niya araw-araw.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka dapat mamuhay para sa Kanya ngayong linggo. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng mga bagong makadiyos na hangarin na mamumunga para sa Kanya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph